



Town of Windsor
 Administrative Services Department
 9291 Old Redwood Highway
 P.O. Box 100
 Windsor, CA 95492-0100
 Phone: (707) 838-1004
 Email: ub@townofwindsor.com

Huling Paunawa ng Pagputol ng Serbisyo

Impormasyon

Upang malaman kung paano magbayad, mangyaring kontakin ang aming tanggapan sa mga karaniwang oras ng negosyo mula 7:00 AM hanggang 6:00 PM, Lunes hanggang Huwebes sa (707) 838-1004; o kaya'y padalhan kami ng email sa ub@townofwindsor.com. Kailangang asikasuhin ang pagbabayad bago dumating ang petsa ng diskoneksyon. Mangyaring basahin ang inyong mga karapatan na nakasulat sa likod ng paunawang ito.

Petsa ng Paunawa:

Petsa Kung Kailan Dapat Bayaran:
Petsa ng Diskoneksyon:

Impormasyon ukol sa Billing

Account #
Lokasyon ng Serbisyo
Panahon ng Serbisyo

Impormasyon ukol sa Account

Customer Number:
 Huling Nakaraang Petsa ng Pagbayad:
 Nakaraang Balance: \$ 000.00
 Mga Pagbabayad: \$ 0.00
 Mga Kasalukuyang Singil: \$ 00.00
 Credits Applied: \$ 0.00
Balance ng Account: \$ 000.00

MANGYARING IBALIK ANG BAHAGING ITO KASAMA NG INYONG BAYAD. IPANGALAN ANG TSEKE SA: **TOWN OF WINDSOR**

MANGYARING ITSEK ANG KAHON KUNG MAY PAGBABAGO SA ADDRESS O TELEPONO

Customer Number:
 Lugar ng Serbisyo:

HALAGA NA DAPAT NG BAYARAN \$000.00

Ang halaga ay dapat

bayaran sa petsang \$ _____

HALAGANG

NAKALAKIP



DISKONEKSYON NG SERBISYO

Mag-aaseso ng \$50.00 administrative fee sa account sa petsa ng nakaiskedyul na diskoneksyon. Dapat bayaran ang buong singil bago ibalik ang serbisyo. Upang maiwasan ang karagdagang \$150.00 na singil pagkatapos ng mga oras ng trabaho, ang mga bayad ay dapat matanggap bago mag-5:00 p.m. Lunes – Huwebes para maibalik ang serbisyo sa parehong araw.

Kung hindi kayo ang kasalukuyang account holder para sa water service pero kayo ang umuupa sa lugar, kayo nang mag-isa, o kayo sama-sama ng sinomang ibang umuupa sa lugar na ito, ay may karapatang maging customer. Ang mga tagagamit ng tubig ay maaaring maging mga customer ng Town kung handa at kaya nilang sagutin ang buong account at ang mga susunod na singil nito.

Hindi puputulin ng Town ang inyong tubig sa ilang mga takdang kasong nakalarawan sa ibaba. Kung naniniwala kayo na ang alinman sa mga kasong ito ay umaaplay sa inyo, dapat ninyo kaagad tuparin ang mga pamamaraan na nakapahayag sa ibaba upang mapigilan ang Town na putulan kayo ng tubig.

PAG-REQUEST NG PAGREPASO NG BILL O PAG-FILE NG REKLAMO

Ang sinomang customer ay maaaring magreklamo o mag-request ng imbestigasyon sa mga singil sa kanilang bill, anumang komponente ng singil, o anumang serbisyo na ibinigay ng Town, sa loob ng limang (5) araw ng pagtanggap ng pinagtutunggaliang singil. Hindi puputulin ng Town ang tubig habang ito'y nagsasagawa ng imbestigasyon. Kung hindi sumasang-ayon ang customer sa mga resulta ng imbestigasyon, mayroon siyang karapatang apelahin ang desisyon sa Town Manager o sa kanyang designado.

PAG-REQUEST NG AMORTIZATION NG INYONG BILL

Isasaalang-alang ng Town ang mga request na i-amortize ang bill sa loob ng isang makatwirang panahong hindi lalampas ng labing-dalawang (12) buwan para sa isang tanging medikal at/o pinansiyal na kaso, kung natutupad ang lahat ng mga sumusunod.

- Sertipiko mula sa isang primary care provider na nagpapahayag na ang pagputol ng residential water service ay mapanganib sa buhay, o isang malubhang pagbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng taong naninirahan sa lugar, at
- Katunayan na ang kita ng customer ay mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty level at siya'y isang taong tumatanggap ng state o federal assistance programs; at
- Ang kasunduan sa amortization ay dapat gawin bago ng petsa ng diskoneksyon; hindi ito maaaring i-request pagkatapos maputulan ng tubig dahil hindi kayo nagbayad.

PAGTIGIL NG MGA SERBISYO PAGKATAPOS PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN SA AMORTIZATION

Kapag may kasunduan sa amortization para sa mga singil na past due, hindi kayo mapuputulan ng tubig hangga't ang kasunduan ay current at may bisa pa, at hanggat binabayaran sa tamang panahon ang lahat ng mga kasunod na singil. Kung ang pagbabayad ay nahuhuli, ang Town ay magbibigay ng pitong (7) araw na paunawa bago nito putulin ang tubig.

PAANO MAKIPAG-UGNAYAN SA TOWN

Mangyaring kontakin ang Administrative Services Department kung may mga tanong tungkol sa paunawang ito o upang malaman kung paano humingi ng tulong. Kontakin ang (707) 838-1004 sa mga karaniwang oras ng negosyo o magpadala ng email sa ub@townofwindsor.com.

MGA PAGSASALIN SA IBANG WIKA

Mga pagsasalin sa ibang wika

Bisitahin ang aming tanggapan o website upang makakuha ng pagsasalin ng paunawang ito